Pangalan: Mat Paito Maguindanao Level 1 – Batch 2
Paksa ng Khutbah: Ang Pagsasaliksik ng Kaalaman
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
Petsa: Hunyo 30, 2024

**Unang Bahagi ng Khutbah:**

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلِ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدَا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ سورة آل عمران: 102

"O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim." (Surah Alo Imran: 102)

Mga alipin ni Allah, ang lahat ng papuri ay para kay Allah lamang na Siyang nagbigay sa atin ng mga bagay na mayroon tayo sa kasalukuyan. Pasalamatan natin si Allah sa pamamagitan ng pagsamba sa kanya. Isa sa tamang pamamaraan ng pagsamba sa kanya ay ang pag-aaral at pagsasaliksik natin ng kaalaman sa ating relihiyong Islam. Halimbawa na lang, isa sa mga dahilan kung bakit tayo nagsusumikap mag-aral ay upang ating makamit ang magandang katayuan sa buhay dito sa Mundo, matustusan ang ating pamilya sa dalisay na pamamaraan, at mabigyan natin sila ng maginhawang buhay.

Gayundin sa Islam, kaya tayo nag-aaral at nagsasaliksik ng kaalaman patungkol sa ating relihiyon ay upang masamba natin si Allah sa tamang pamamaraan, at makamit ang magandang buhay dito sa Mundo at sa kabilang-buhay. Si Allah ay nagsabi,

﴿ قُلْ هَلْ يَسْتَوِي الَّذِينَ يَعْلَمُونَ وَالَّذِينَ لَا يَعْلَمُونَ ﴾ سورة الزمر: 9

"Magkatumbas ba yaong mga nakakaalam at yaong mga walang alam?"
(Surah Az-Zumar: 9)

Batid natin na kailan man ay hindi magiging magkatulad yaong may kaalaman at ang walang kaalaman. Sa kasalukuyang panahon, naging madali para sa bawat isa ang pangangalap ng kaalaman nang dahil sa pag-usbong ng mga makabagong teknolohiya. May mga English version, Tagalog version, Maranao

version na mga aklat patungkol sa pagbabasa ng Qur-an, pagsasagawa ng pagsasalah, at mga kaalaman patungkol sa ating relihiyon. May mga online classes ngayon na kung saan maaari mong mapag-aralan ang ating relihiyon. Hindi katulad noon na kailangan mo pang magtungo sa malalayong lugar upang magsaliksik ng kaalaman sa ating relihiyon. Isa ito sa mga biyaya sa atin ni Allah. Sinabi ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam),

إنَّ اللهَ تعالى يُبغِضُ كلَّ عالِمٍ بالدنْيا ، جاهِلٍ بالآخِرَةِ. (صحيح الجامع/ 1879)

“Katotohanan, si Allah ay kinagagalitan Niya yaong marunong hinggil sa Mundo, ngunit mangmang hinggil sa kabilang-buhay.” (Sahihul-Jami’/1879)

Alalahanin natin mga kapatid ang katotohanan na walang isinilang sa Mundo na maalam agad sa pagbabasa, pagsusulat, at pagsasalita. Ang kaalaman ay makakamtan lamang sa pamamaraang pag-aaral at pagsasaliksik nito. Mga alipin ni Allah, isa sa mga dahilan kung bakit natin sinasamba si Allah ay upang makamit ang Kanyang kaluguran, mga gantimpala, at makapasok sa Kanyang Paraiso. Ngunit ang tanong ay paano ba natin ito makakamit? Ang Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay nagsabi:

مَن سلَكَ طريقًا يلتَمِسُ فيهِ علمًا ، سَهَّلَ اللَّهُ لَهُ طريقًا إلى الجنَّةِ. (أخرجه أبو داود)

“Sinumang ang tumahak sa landas ng pangangalap ng kaalaman, pagagaanin sa kanya ni Allah ang landas patungo sa Paraiso.” (Inulat ni Abu Dawud)

Tinukoy ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) sa Hadeeth na ito, na isa sa mga paraan upang ating makamtan ang Paraiso na ating ninanais ay ang pagsasaliksik ng kaalaman. Ito rin ay mahigpit na ipinag-utos sa atin ng Propeta (sallallahu ‘alayhi sa wallam). Siya ay nagsabi,

طلبُ العِلمِ فريضةٌ على كلِّ مسلمٍ. (أخرجه الطبراني)

“Ang pagsasaliksik ng kaalaman ay obligado sa bawat Muslim.” (Inulat ni At-Tabarani)

Sa pamamagitan ng pagsasaliksik ng kaalaman sa Islam, naisasagawa ng isang Muslim nang tama ang kanyang mga pagsamba at naisasabuhay niya ang Islam ayon sa Qur-an at Sunnah. Subalit ang masaklap mga kapatid, ang ilan sa mga Muslim ay hindi alam kung ilang raka’at ang Fajr, Dhuhr, As’r, Magrib, at ‘Isha! Ano ang dahilan kung bakit hindi nila ito alam? Dahil iyon sa hindi nila pagsasaliksik ng kaalaman sa ating relihiyon.

Batid niyo ba na karamihan sa mga sumasamba sa rebulto at gumagawa ng iba’t ibang uri ng shirk ay yaong mga tao na hindi nagsasaliksik ng kaalaman patungkol sa relihiyon. Kung ating mapapansin, ang bawat tribu na nag-ngangalang Muslim ay nakakagawa ng mga gawaing pagtatambal kay Allah. Ngunit hindi nila ito napapansin sa kadahilanang hindi pagsasaliksik ng kaalaman sa kanilang relihiyon. Sinabi ng isa sa mga Salafus-salih patungkol sa pagsasaliksik ng kaalaman, كيف يتّقي من لا يدري ما يتّقي؟ “Paano iiwas ang sinumang hindi niya alam kung ano ang kanyang iiwasan?” Halimbawa nalang sa mga pagkain gaya ng baboy, pag-inom ng alak, paggamit ng mga ipinagbabawal na gamot, pagkuha at paggamit ng riba (pagpapatubo), at iba pa.

Batid niyo ba na marami sa ating mga kapatid na bagong yakap sa Islam o ang mga tinatawag nating “Balik-Islam” na ang naging dahilan o instrumento kung bakit nila niyakap ang Islam ay ang pagsasaliksik ng kaalaman sa relihiyon? Nang dahil dito, natuklasan nila ang katotohanan – na ang tunay na relihiyon na nagmula sa ating Tagapaglikha na siya ring relihiyon ng lahat ng Propeta ay ang Islam.

Sinabi ni Ibn Al-Jawzi (rahimahullah), “Tandaan na ang unang panlilinlang na ginamit ni Iblis sa mga tao ay ang pagpigil sa kanila sa pagsasaliksik ng kaalam (sa Islam), sapagkat ang kaalaman (sa Islam) ay liwanag. At kung tayo ay mapigilan niya sa pagsasaliksik ng kaalaman, mapapawi niya ang liwanag na mayroon tayo, at magiging dahilan ito upang tayo ay maligaw ni iblis sa pamamaraan na gusto niya.”

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

**Ikalawang Bahagi ng Khutbah:**

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga alipin ni Allah, si ‘Umar Ibn ‘Abdil’Aziz ay nagsabi, مَن عَمِلَ بغير علمٍ كان ما يُفسِدُ أكثَرَ ممّا يُصلِحُ. “Sinuman ang gumawa ng gawain na wala siyang kaalaman ay higit na nakakasira kaysa sa nakakatuwid.” Sa madaling salita, kailangan natin mag-aral o magsaliksik ng kaalaman patungkol sa ating Deen upang ating maisabuhay ang Islam, malaman ang mga ipinag-utos at ipinagbawal ni Allah at masamba si Allah alinsunod sa pamamaraan ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam).

Sinabi ni Shaykh Al’Uthaymin (rahimahullah), إن في نشرك للعلم نشراً لدين الله، فتكون من المجاهدين في سبيل الله، لأنك تفتح القلوب بالعلم، كما يفتح المجاهد البلاد بالسلاح والإيمان. “Tunay na ang pagpapalaganap mo ng kaalaman sa relihiyon ni Allah ay dahilan upang ikaw ay mapabilang sa mga taong nagpupunyagi sa landas ni Allah. Sapagkat binubuksan mo ang mga puso sa pamamagitan ng kaalaman, gaya ng mga taong nagpupunyagi sa landas ni Allah na nagpapalaya sa mga bansa (mula sa shirk) sa pamamagitan ng sandata at pananampalataya.”

Ganito kahalaga ang pagsasaliksik ng kaalaman sa Islam. Sapagkat kung ating sasambahin si Allah sa pamamaraang hindi ginawa ng sugo ni Allah, ito ay hindi tatangapin ni Allah. Itinuro sa atin ng ating mahal na Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ang lahat ng pamamaraan ng pagsamba kay Allah. Isa sa mga halimbawa nito ang pagbabasa ng Qur-an na kung saan marami sa ating mga kapatid, hanggang sa kasalukuyan, ay hindi marunong magbasa ng Qur-an, samantalang batid natin sa ating mga sarili na ang Qur-an ay salita ni Allah. Bukod pa roon ay ginagamit natin ito sa pagsasagawa ng Salah at pag-aalaala kay Allah (dhikir).

Sinabi ni Shaykh Ibn Baz (rahimahullah), الإنسان في حاجة إلى العلم إلى أن يموت. “Ang tao ay nangangailangan ng kaalaman hanggang sa siya ay datnan ng kamatayan.”

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفُوَ فَاعْفُ عَنَّا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.
اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.
اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.
رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.
وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***